COVID-19
Myocarditis & Pericarditis

Ang Myocarditis ay ang pamamaga ng kalamnan ng puso. Ang Pericarditis ay ang pamamaga ng panlabas na balat ng puso.

- Ang parehong kondisyon ay sanhi ng natural na reaksyon ng katawan sa impeksyon o iba pang kadahilanan. Kabilang sa mga karaniwang sanhi ang mga impeksyon gawa ng bacteria at virus at mga kondisyong medikal tulad ng mga sakit na autoimmune. Ang impeksyon ng COVID-19 at mga bakuna ay maaaring magsanhi ng mga kondisyong ito sa puso.
- Ang mga sintomas ay maaring kabilangan ng pananakit ng dibdib, kinakapos na paghinga, pakiramdam ng pagkakaroon ng matulin, kumukutob, o kumakabog na puso, mahina ang pakiramdam o masyadong pagod, at pagkawala ng gana.

Myocarditis, Pericarditis, at mga bakuna sa COVID-19



- Napakabihira, na ang tao ay magkaroon ng myocarditis o pericarditis pagkatapos magpabakuna sa COVID-19 ng Pfizer, Moderna, o Novavax.
- Karaniwang nagsisimula ang mga sintomas ilang araw pagkatapos magpabakuna. Karamihan sa mga tao ay mabilis na bumubuti ang pakiramdam sa gamot at pahinga.
- Ang mga tinedyer na mga lalaki at mga batang sapat na ang gulang ay mas malamang na maapektuhan. Ang paghihintay ng 8 lingo sa pagitan ng una at pangalawang dosis ng bakuna ay nagbabawas ng panganib.

Ang mga panganib sa puso mula sa pagkuha ng bakuna sa COVID-19 ay mas mababa kaysa mula sa pagkakaroon ng impeksyon sa COVID-19.

- Ang parehong mga bakuna sa COVID-19 at impeksyon ng COVID-19 ay maaaring magpataas ng panganib sa myocarditis at pericarditis. Ngunit ang impeksyon sa COVID-19 ay maaari ring magpataas ng panganib sa iba pang mga kondisyon sa puso katulad ng talamak na sakit sa pusong sindrom [acute coronary syndrome], atake sa puso (myocardial infarction), pagpalya ng puso, at hindi regular na pagtibok ng puso (arrhythmia).
- Para sa mas marami pang impormasyon, makipag-usap sa iyong doktor o bisitahin ang webpage ng CDC: Myocarditis and Pericarditis Following mRNA COVID-19 Vaccination.